

Mga Bata at Kabataang may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan

Washington State Department of Health

www.doh.wa.gov/cyshcn

# Impormasyon ng Bakuna sa COVID-19

## Impormasyon para sa mga tagapangalaga

- Lalong mahalaga ang pagpapabakuna para sa mga bata at kabataang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan (CYSHCN) dahil mas mataas ang panganib na magkaroon sila ng sakit na COVID-19. Ito ay dahil mayroon silang mga umiiral na kondisyon sa kalusugan at malapit nilang nakakasalamuha ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaaring nagkakaproblema rin sila sa pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay, at pagpapanatili ng ligtas na distansiya mula sa iba.
- Awtorisado ang bakuna sa COVID-19 ng Pfizer para sa mga taong may edad na 5 pataas.
- Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at ng American Academy of Pediatrics ang pagpapabakuna sa COVID-19 ng lahat ng taong may edad na 5 pataas.
- Ang mga taong may edad na 5 pataas ay dapat kumuha ng booster na bakuna 5 buwan matapos kunin ang kanilang huling dosis ng bakuna.
- Ang mga taong may edad na 5 pataas na immunocompromised (may kondisyong nagpapahina ng immune system) (nasa wikang Ingles lang) ay dapat kumuha ng karagdagang dosis ng bakuna ng Pfizer, 28 araw pagkatapos ng kanilang ikalawang bakuna, na susundan ng booster na dosis, ilang buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis. Ipinapakita sa graphic na ito (nasa wikang Ingles lang) kung ilang dosis sa kabuuan ang kailangan ng taong immunocompromised depende sa kanyang edad.
- Ganap na ligtas at mabisa ang bakuna para sa pagprotekta sa mga bata at kabataan laban sa COVID-19.

## Bakit dapat magpabakuna ang mga bata?

- Makakatulong ang pagpapabakuna na panatilihing ligtas ang mga bata habang nasa paaralan at kapag kasama ang mga kaibigan at pamilya. Ang mga batang nabakunahan ay may mas mababang posibilidad na magkasakit nang malubha, maospital, o mamatay kung magkaroon man sila ng COVID-19.
- Ang mga batang nahawahan ng COVID-19 ay maaaring magkaroon ng mga panandalian at pangmatagalang komplikasyon sa kalusugan (nasa wikang Ingles lang), kasama na ang "long COVID-19 (matagalang COVID-19)." Ang ilang komplikasyon, tulad ng multisystem inflammatory syndrome (MIS-C, kalipunan ng mga sintomas ng pamamaga ng maraming sistema ng katawan) (nasa wikang Ingles lang), ay maaaring lumala at humantong sa pagpapaospital at pagkamatay. Ang pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan para mapanatiling malusog at ligtas ang mga bata.

## Ang CYSHCN ay maaaring may mas mataas na panganib ng malubhang sakit na COVID-19

- Ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan o ilang partikular na medikal na kondisyon (nasa wikang Ingles lang) ay may mas malaking posibilidad na

magkasakit nang malubha kung magkaroon man sila ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ay kritikal na paraan ng pagprotekta sa mga bata laban sa COVID-19.

- Ang isa pang paraan ng pagprotekta sa mga bata ay ang pagtiyak na ganap nang nabakunahan at nabigyan na ng boost ang iba pang tao sa kanilang sambahayan. Ibig sabihin, mahalaga ring mabakunahan ang mga magulang at tagapangalaga.

## Ligtas para sa CYSHCN ang bakuna sa COVID-19

- Maaaring kumuha ng bakuna sa COVID-19 ang mga bata at nasa hustong gulang na may umiiral na medikal na kondisyon.
- Ang tanging dahilan kung bakit hindi dapat kumuha ng bakuna ang isang tao ay kung nagkaroon siya ng reaksyong mapagbanta sa buhay (reaksyong nangangailangan ng epi pen (epinephrine autoinjector, awtomatikong pang-iniksyon ng epinephrine)) sa alinman sa mga sangkap ng bakuna sa COVID-19.
- Mas malaki ang benepisyo ng pagpapabakuna kaysa sa panganib na makuha ang COVID-19.
- Mangyaring makipag-usap sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung mayroon kang tanong o alalahanin tungkol sa bakuna.

## Mga side effect

Ang panganib sa kalusugan na mahawahan ng COVID-19 ay mas malaki kaysa sa panganib na magkaroon ng side effect ang bakuna.
Normal lang para sa mga bata ang makaramdam ng ilang side effect matapos mabakunahan. Ang pinakakaraniwang side effect ay:

- Pamamaga ng braso
- Pananakit ng kalamnan
- Pagkapagod
- Pananakit ng ulo
- Lagnat
- Panginginig

Tanungin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung paano mas mapapaginhawa ang anak mo kung nakakaranas siya ng side effect. Mapapaginhawa mo rin siya sa tulong ng mga aktibidad na tahimik lang. Ang karamihan ng side effect ay nawawala na sa loob ng isa hanggang dalawang araw.

Kung nagkaroon ang iyong anak ng malubhang allergic na reaksyon sa ibang bakuna, maaari pa rin niyang makuha ang bakuna sa COVID-19. Hihilingin sa kanya ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na maghintay nang humigit-kumulang 30 minuto pagkatapos ng iniksyon upang magsubaybay kung may magiging anumang agarang reaksyon.

Napakababa ng panganib na magkaroon ng malalang reaksyon sa bakuna sa COVID-19. Ang panganib na magkaroon ng malalang sintomas matapos mahawa sa COVID-19 ay mas mataas kaysa sa panganib na magkaroon ng malalang side effect matapos magpabakuna. Alamin pa ang tungkol sa posibleng malalang side effect ng pagpapabakuna sa COVID-19 dito.

**Kung makaranas ka man ng medikal na emergency pagkatapos makuha ang bakuna sa COVID-19, tumawag agad sa 9-1-1.**

## Paano ko mapapabakunahan ang aking anak?

Tanungin ang iyong pediatrician kung mayroon siyang bakuna sa COVID-19. Kung wala, maaari mong gamitin ang aming Panghanap ng Bakuna.

## Paghiling ng mga akomodasyon

Kapag gagawa ka ng appointment o pupunta sa bakunahan, ipaalam sa kawani kung kailangan ng iyong anak ng dagdag na tulong. Halimbawa, baka hindi niya kayang magsuot ng mask o umupo at maghintay pagkatapos

magpabakuna. Marahil ay naaasiwa siya sa maliliwanag na ilaw at maiingay na kuwarto. Maaari kang humiling ng mga akomodasyon gaya ng:

- Paglalakad pagkatapos magpabakuna sa halip na umupo.
- Paghiling sa provider na bakunahan ang anak mo sa loob ng inyong kotse.
- Pagpunta ng o pagdala sa paboritong kasama ng iyong anak sa appointment.
- Pagpapabakuna sa iyong anak sa isang tahimik na kuwartong malayo sa mga tao.

Kung mahihirapan ang iyong anak na umalis ng bahay, makipag-ugnayan sa isang mobile na pangkat na tagapagbakuna (nasa wikang Ingles lang) upang mapabakunahan ang anak mo sa bahay.

## Saan ako makakahanap ng higit na impormasyon?

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagpapabakuna ng mga kabataan para sa COVID-19, pumunta sa VaccinateWA.org/Kids.

Iba pang dulugan:

- Patnubay mula sa American Academy of Pediatrics tungkol sa Pangangalaga para sa CYSHCN sa Panahon ng Pandemya (nasa wikang Ingles lang).
- Mga Dulugan sa COVID-19 para sa CYSHCN (nasa wikang Ingles lang) mula sa Lucile Packard Foundation.
- Impormasyon at Suporta sa COVID-19 (nasa wikang Ingles lang) mula sa Informing Families (Pagbibigay-alam sa mga Pamilya).
- Ang Card para sa Pakikipag-usap tungkol sa Bakuna sa COVID-19 (nasa wikang Ingles lang) ng Department of Health at ang Social Story (Kuwentong Panlipunan) (nasa wikang Ingles lang) ng Center for Dignity in Healthcare for People with Disabilities ay makakatulong sa pakikipag-usap sa bata o kabataan tungkol sa bakuna.
- Ang linya ng telepono para sa Access ng BLIND COVID (COVID PARA SA BULAG) (360-947-3330) ay nagbibigay-daan sa mga taong bulag o may malabong paningin na magtanong tungkol sa access sa mga dulugan kaugnay ng COVID-19. Mamamahala ang BLINDCOVID.com (nasa wikang Ingles lang) ng mga karagdagang dulugan at komunikasyon tungkol sa pagsusuri ng bakuna, mga bakunahan, at pangangasiwa sa pang-araw-araw na buhay sa pandemya.
- Para sa mga tanong na partikular sa CYSHCN, mangyaring mag-email sa cyshcn@doh.wa.gov.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.